


Paunang Salita

Labing-isang kuwentong bayan sa wikang Tagalog ang mababasa sa librong ito. Muling isinalaysay ang mga kuwento mula sa panitikang bayan ng mga kasali sa Kuwentong Supling Writeshop na ginawa sa Letran College, Calamba, Laguna noong Agosto 17-18, 2016. Inaasahang magagamit ito sa pagtuturo sa K-12 Program na gamit ang wika ng tahanan o mother tongue at wikang Filipino sang-ayon sa patakarang Mother Tongue Based- Multilingual Language Education sa bansa.

Labindalawang guro (12) mula sa iba't ibang paaralan sa Laguna nagmula ang mga iskolar ng Graduate Diploma on Cultural Education (GDCE), isang programa ng PCEP, na sumali sa palihan. Nasa pabalat ng libro ang mga pangalan nila at mga retrato. Dumaan sila sa palihan ng pagsulat ng kuwentong muling pagsasalaysay : nakinig at nagtalakayan tungkol sa katwiran at paraan ng muling pagsasalaysay bilang isang anyo ng panitikang pambata, sumulat, nakinig sa mga burador, nagmungkahi, at nagsulat muli. Pagkatapos ay tulong-tulong na gumawa ng isang ilustrasyon para sa bawat kuwento gamit ang mga karaniwang materyal sa pagdrowing at pagkulay. Lumabas ang kanilang galing at pagkamalikhain. Ang mga ilustrasyong nagpapakilala sa bawat kuwento sa librong ito ang patunay nito. Dumaan naman sa pagkikinis ang mga teksto sa pagtutulungan ng grupo ng mga editor sa wikang Tagalog na binubuo ng mga editor sa bawat aklat.



Ang konsepto at paraan ng Kuwentong Supling na pinalalaganap ng samahang Supling Sining Inc., ang gumabay sa pagbuo ng mga kuwento. Tulad ng katangian ng panitikang bayan ng tradisyong oral ng Pilipinas, ang mga kuwento dito ay binuo ng komunidad ng mga gurong iskolar ng GDCE para sa komunidad ng mga bata sa pampublikong paaralan sa mga barangay sa rehiyon. Sa balikatan, natuklas nila na kaya nilang lumikha at bumuo ng mga kuwentong mababasa ng mga bata at matututo sa mga ito.

Samantalang maipapalagay na tagumpay na ang layunin ng proyekto sa paglilimbag ng aklat na ito, naiwan naman ang ilang palaisipan sa pag-unawa natin sa wika ng bata o mother tongue. Mas masalimuot ang tiyak na karanasan kaysa sa palagay na may iisa lamang Tagalog na ginagamit sa Katagalugan. Ang mga dayalektal na pagkakaiba-iba sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ay naging hamon ngunit hindi sapat para sabihing hindi maiintindihan ng mga bata sa iba't ibang panig ng rehiyon na Tagalog ang wikang nakagisnan ng bata. Kaya naman ang kongkretong sitwasyong pangwikang nakita namin dito ay patuloy na isasaalang-alang kaugnay ng usapin ng mother tongue sa pagtuturo.

Rosario Torres-Yu
Professor Emeritus
Patnugot

